

Impak ng pandemya sa mga mag-aaral ng Veritas College of Irosin sa taong panuruan 2021-2022

Macasinag, Getrude ✉

Veritas College of Irosin, Philippines (getrudemacasinag@gmail.com)

Guelas, Rey

Veritas College of Irosin, Philippines (guelasreyflorida@gmail.com)

Domiquel, Cherose

Veritas College of Irosin, Philippines (domiquelcherose@gmail.com)

Geraldeso, Rejean Joy

Veritas College of Irosin, Philippines (geraldesorejeanjoy@gmail.com)

Gelilio, Eric ✉

Veritas College of Irosin, Philippines (gelilioeric@gmail.com)

Sorsogon State University, Philippines

Gallanosa National High School, Philippines



ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

Received: 15 January 2022

Revised: 19 January 2022

Accepted: 23 January 2022

Available Online: 23 January 2022

DOI: 10.5861/ijrse.2022.124

Abstract

This research aims to know and understand the Impact of Pandemic to the students at Veritas College of Irosin for the school year 2021-2022. The study made use of the descriptive analysis under the quantitative research design. Purposive sampling was used to gather the data from 52 first year students in Veritas College of Irosin. Frequency count, percentage and ranking was employed to analyze the impact of pandemic, difference between mental condition of the students in the present and past times, and the importance of the guidance of the teachers and parents to the students. Based on the analysis of the data obtained, both positive and negative impacts of the pandemic have manifested but negative impacts sprouted more than the positive ones. The new mode of learning has been more challenging to the students wherein the printed modules are the only medium of the students for learning that causes them to experience stress, doubt, panic and other negative mental conditions. Because of this, the guidance of the teachers and parents has a great role in molding and improving the knowledge of the students. For the students, providing quality guidance and teaching strategy are more needed to create a clear understanding on each of their classes. Meanwhile, deeper research about the research topic “effectiveness of new alternative system mode of learning amidst the pandemic” would be a big help and is advisable to do so to formulate more accurate and effective solutions and recommendations for better system of teaching on each respective courses or field of study.

Keywords: impacts, pandemic, Veritas College of Irosin, new mode of learning, mental condition

Impak ng pandemya sa mga mag-aaral ng Veritas College of Irosin sa taong panuruan 2021-2022

1. Introduksiyon

Isang malaking hamon na para sa mga mag-aaral kung paano linangin ang kani-kanilang husay sa loob ng paaralan. Bagama't mahirap, lahat ay kayang gawin ng mga mag-aaral para mapabuti ang kanilang direksyon sa kani-kaniyang karera sa tulong at gabay na rin ng mga nagpipitagang mga guro. Subalit, mas malaki pang dagok ang kinaharap ngayon ng buong mundo nang nagsimula ang pandemyang dulot ng COVID-19 at labis nitong naapektuhan ang sistema ng Edukasyon sa iba't ibang bansa kabilang na ang Pilipinas.

Sa Pilipinas, malaking pagbabago ang naidulot ng COVID-19 sa sistema ng Edukasyon. Ayon sa Kagawaran ng Edukasyon, mas malaki ang bilang ng mga mag-aaral na nakapag-enrol sa taong panuruan 2021-2022. Ito ay may katumbas na 100.3 porsyento ng enrolment figure kumpara sa nakalipas na taong 2020. Ayon din sa datos ng Departamento ng Edukasyon, 11 sa 17 na rehiyon sa Pilipinas ang nakakamit ng mahigit isandaan porsyentong bahagdan ng enrolment. Isa sa mga nakikitang dahilan ng pagtaas ng bahagdan ng enrolment ay ang pagbabalik eskwela ng mga nagsitigil na mga mag-aaral sa mga nakalipas na taon (Cabrera, 2021). Ipinapakita lang nito na mas abot na ng lahat na maipagpatuloy ang kani-kanilang pag-aaral sapagkat pinatupad sa buong Pilipinas ang New Distant Learning.

Matatandaang ang unang hakbang na isinagawa ng DepEd para tugunan ang hamon at panganib na hatid ng COVID-19 ay ang pagsuspende ng mga klase sa kalagitnaan ng academic year 2020. Ang patuloy na pagtaas ng kaso ng virus na ito ay nagpatuloy pa rin sanhi upang magsagawa na ng alternatibong plano ang DepEd para mabuksan na muli ang pasukan sa elementarya, sekundarya, at maging sa kolehiyo. Dito na pumasok ang malaking papel ng New Distant Learning. Ayon kay Berge (2021), ang New Distant Learning ay isang alternatibong prosesong pang-edukasyon na kung saan ang mga mag-aaral ay nakakatanggap ng mga gabay at palatuntunan gamit ang online classes, video recordings, video conferencing at iba pang medyum. Nagkaroon na rin ng tinatawag na blended learning kung saan ang iba't ibang pamamaraan para sa distant learning ay pinaghalo halo para siguraduhing epektibo at kapaki-pakinabang ito para maabot ang standard sa pagtuturo at pagkatuto ng bawat antas sa Edukasyon na hanggang ngayon ay isang malaking hamon.

Ayon naman sa pag-aaral nina Rizun at Strzelecki (2020), ang distance learning na ipinalit sa conventional face to face classes dulot ng pandemya ay nagsasaad na ang pagtanggap ng mga mag-aaral sa paglilipat sistemang ito ay buhat na rin sa pansariling kawilihan at sinundan pa ng kabisaan nito para sa sarili. Kasabay ng kaliwasaan sa paraang distant learning at kapakinabangan ng pamamaraang ito, napipredikta kung ano ang pag-uugali ng mga mag-aaral na pumiling umayon sa makabagong estratehiyang ito.

Sa Veritas College of Irosin, tinatayang 3415 ang nakapag-enrol sa taong panuruan 2021-2022, ito'y lamang sa bilang kumpara noong taong panuruan 2020-2021 na may 2299 enrolees lamang. Sa kasalukuyan, ginagamit ng Veritas College of Irosin ang estratehiyang modular learning na kung saan ang mga printed modules na naglalaman ng mga talakayan at gawain ay ibinibigay sa mga mag-aaral sa kani-kaniyang lugar o barangay. Madalang naman na ginagamit ang estratehiyang online class na kung saan nagkakaroon ng talakayan sa pagitan ng mga guro at mag-aaral gamit ang google meet at zoom na application sa laptop at cellphone. Dito na papasok ang kahalagahan para pagnilay-nilayan ang impak ng pandemya sa mga mag-aaral ng Veritas College of Irosin.

Ang mga mananaliksik sa pag-aaral na ito ay naglalayong matukoy ang Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral. Layunin din ng pananaliksik na ito ang makapagbigay ng kapakipakinabang na detalye at impormasyon ukol sa kalagayang kinakaharap ngayon ng mga mag-aaral sa Veritas College of Irosin. Ito rin ay makakatulong upang makabuo ng mas mainam at epektibong Edukasyon sa gitna ng pademyang dulot ng

COVID-19.

1.1 Paglalahad ng Suliranin

Ang pananaliksik na ito ay nabuo upang matukoy ang Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral ng VCI sa taong panuruan 2021-2022. Ang mga mananaliksik ay naglalayon na masagot ang mga sumusunod na katanungan:

- Ano-ano ang mga impak ng pandemya sa mga mag-aaral ng VCI sa taong panuruan 2021-2022? a) positibong Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral ng VCI, at b) negatibong Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral ng VCI.
- Ano ang pinagkaiba ng kondisyong mental ng mga mag-aaral noong wala pang pandemya at ngayong may pandemya? a) Kondisyong mental ng mga mag-aaral noong wala pang pandemya , at b) Kondisyong mental ng mga mag-aaral noong mayroon ng pandemya
- Ano ang kahalagahan ng gabay ng magulang at mga guro sa mga mag-aaral ngayong bagong kadawyan?
- Ano ang nabuong rekomendasyon batay sa resulta ng pag-aaral?

2. Pamamaraang Ginamit

Ang kabanatang ito ay naglalaman ng mga pamamaraan at proseso na ginamit ng mga mananaliksik para sa paglikom at pagkalap ng mga datos mula sa mga kalahok.

Disenyo ng Pananaliksik - Ginamit ng mga mananaliksik ang disenyong deskriptib-analysis sa pamamagitan ng palatanungan/ questionnaire bilang pangunahing pagkukunan ng datos. Ang disenyong ito ay nakatulong upang malaman ng mga mananaliksik ang kasalukuyang sitwasyon ng mga piling kalahok ng Veritas College of Irosin. Ang ginamit ng mga mananaliksik para sa paglikom ng datos ay google form sa tulong ng FB at Messenger na aplikasyon sa cellphone.

Paraan ng paglikom ng datos - Ang mga mananaliksik ay gumamit ng mga kapaki-pakinabang na instrumento upang makakalap ng mga datos. Binigyan ng mga mananaliksik ang mga kalahok ng isang online questionnaire na naglalaman ng mga bukas na mga katanungan upang matulungan silang suriin ang kanilang mga sagot na may kinalaman sa naturang paksa ng pananaliksik. Ang palatanungan ay binubuo ng 40 items na hinati sa dalawang parte. Una ay ang tseklist na palatungan na may kabuang 30 aytem at ikalawa ang tama o mali na binubo lamang ng sampung aytem. Nagsagawa ng pakikipanayam sa mga kalahok sa pamamagitan ng paghingi ng pahintulot at pagpapaliwanag sa isinagawang pananaliksik sa tulong ng messenger app. Binigyan ng mga mananaliksik ng sapat na oras ang mga kalahok upang masagutan ang mga inihatag na katanungan. Ang mga kasagutan mula sa mga kalahok ay ginamit bilang datos sa pag-aaral. Ang mga nakuhang datos mula sa mga kalahok ay maingat na pinagsama-sama ,inalisa, sinuri at binigyan ng interpretasyon ng mga mananaliksik gamit ang pagbilang at pagranggo.

Instrumento - Ang mga mananaliksik ay naghanda ng mga kakailanganing instrumento katulad ng online questionnaires na ginamit sa paglikom ng mga datos.Sa pamamagitan ng google form, ang mga mananaliksik ay nagbigay ng tiyak na katanungan na may kinalaman sa pananaliksik. Ang mga palatanungan ay nagsilbing gabay upang makakalap ng mga detalyadong impormasyon ukol sa paksa ng pananaliksik. Ang mga nakuhang datos ay nakatulong upang malaman ang impak ng pandemya sa mga mag-aaral ng VCI.

Kalahok - Ang mga naging kalahok ay binubuo ng 52 bilang na mga mag-aaral mula sa unang baitang ng Veritas College of Irosin. Purposive sampling naman ang ginamit ng mga mananaliksik sa pagpili ng mga target na kalahok ng mga mananaliksik.. Sinigurado ng mga mananaliksik na ang mga napiling kalahok ay kusang loob

na nakipag-ugnayan at mayroong sapat na kaalaman ukol sa Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral.

Istatistikal na Pagsusuri ng mga datos - Ang mga mananaliksik ay gumamit ng istatistikal na proseso para sa pag interpretata at pag-analisa ng mga nakalap na datos. Ang mga nakalap na datos ay ipapakita sa pamamagitan ng mga talahanayan. Ang istatistikal na pagsusuri ng datos na ginamit ay ipinapakita sa baba:

- **Percentage.** Ito ay nagpapakita ng distribusyon ng mga kalahok at mga variable na ginamit sa pag-aaral.
- **Frequency distribution.** Ito ay kadalasang ginagamit ng mga statistician upang ipakita ang mga detalye sa maigsing paraan. Ito ay isang talahanayan na nagpapakita ng mga score ukol sa kaugnay na frequency o kategorya ng mga score o marka. Ang mga mananaliksik ay ginamit ang statistics upang mailarawan ang distribusyon ng frequency batay sa bilang ng mga sumang-ayon,medyo-sumasang-ayon,hindi sang-ayon at hindi sigurado.
- **Likert Scale.** Ito ay isang sukat na kadalasang ginagamit sa pagkolekta ng mga opinyon at ugali ng mga kalahok. Ang psychometric scale na ito ay kadalasang ginagamit upang maintindihan and mga panig at pananaw ng isang indibidwal. Ito ay nagbibigay ng ranggo ng mga pananaw ng mga target na kalahok. Ginamit ng mga mananaliksik ang Likert scale upang malikom ang mga pananaw ng mga mag-aaral ng VCI ukol sa Impak ng Pandemya sa buhay ng estudyante.

3. Mga Natuklasan

3.1 Positibong Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral ng VCI

Talahanayan 1

Positibong Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral ng VCI sa taong panuruan 2021-2022

| Positibong Impak | Kabuoan | | | | Bahagdan | | | |
|--|---------|----|----|----|----------|------|-------|------|
| | SA | MA | HA | HS | SA | MA | HA | HS |
| Naipapakita ng mag-aaral kung gaano nila kagusto ang pag-aaral | 9 | 11 | 32 | 0 | 17.31 | 21.2 | 61.5 | 0 |
| Mas nagkakaroon ng mahabang oras para matutukan ang pag-aaral | 8 | 7 | 37 | 0 | 15.38 | 13.5 | 71.2 | 0 |
| Nakikita ang direksiyon sa karerang/ kursong pinili | 13 | 8 | 31 | 0 | 25 | 15.4 | 59.6 | 0 |
| Nauunawaan ang kahalagahan ng edukasyon | 20 | 24 | 8 | 0 | 38.46 | 46.2 | 15.4 | 0 |
| Mas naging matured at independent ang mga mag-aaral | 24 | 24 | 1 | 3 | 46.2 | 46.2 | 1.92 | 5.77 |
| Nakakasabay sa talakayan | 10 | 34 | 7 | 1 | 19.2 | 65.4 | 13.46 | 1.92 |
| Mas ginaganahan mag-aral sa loob ng bahay | 9 | 22 | 21 | 0 | 17.3 | 42.3 | 40.38 | 0 |
| Mas nagagabayan ng magulang ang mga mag-aaral | 11 | 21 | 18 | 2 | 21.2 | 40.4 | 34.62 | 3.85 |
| Nagkakaroon ng angkop na silid- aralan sa pag-aaral | 24 | 1 | 24 | 3 | 46.2 | 1.92 | 46.15 | 5.77 |
| Nabibigyang pansin ng mga guro ang sitwasyon ng bawat mag-aaral at nabibigyan ng tiyak na solusyon | 10 | 15 | 23 | 4 | 19.2 | 28.9 | 44.23 | 7.69 |

Pananda: SA-Sang-ayon; MA-Medyo Sumasang-ayon HA- Hindi Sang-ayon HS- Hindi Sigurado.

Natuklasan na karamihan sa mga naging tugon ng mga kalahok sa mga inihatag na mga positibong impak ng pademya ay hindi gaano sinang-ayunan. Lamang ang hindi sumang-ayon sa unang impak ng pandemya na naipapakita ng mga mag-aaral kung gaano nila kagusto ang pag-aaral na mayroong bahagdan na 61.54 kumpara sa mga sumang-ayon na may 17.31 na bahagdan lamang. 71.15 na bahagdan naman ang mga hindi sumang-ayon sa impak na mas nagkakaroon ng mahabang oras para matutukan ng mga mag-aaral ang kanilang pag-aaral, Ipinapakita rin sa talahanayan 1 na karamihan sa mga mag-aaral ay hindi gaano nakikita ang kanilang direksiyon

sa karerang o kursong pinili na may bahagdag 59.62 na hindi sumang-ayon sa naturang impak. Ayon sa datos na nakuha ng mga mananaliksik mula sa mga kalahok na may 44.23 bahagdan, hindi gaano nabibigyan ng pansin ng mga guro ang sitwasyon ng bawat mag-aaral at nabibigyang tiyak na solusyon ang isang partikular na problema.

Natuklasan rin na sa kabila ng pandemya, karamihan sa mga mag-aaral ay nauunawaan pa rin ang kahalagahan ng Edukasyon na may 46.15 na bahagdan ng mga medyo sumang-ayon at 38.46 bahagdag sumang-ayon. Napag-alaman ring mas naging matured at independent ang mga mag-aaral na may 46.15 bahagdag sumang-ayon, mas mataas ito kumpara sa mga hindi sumang-ayon na may 1.92 na bahagdan lamang. Lamang naman ang bilang ng pumili ng medyo sang-ayon sa impak na mas ginaganahan mag-aaral sa loob ng bahay at mas nagagabayan ng mga magulang ang mga mag-aaral. Pareho naman ang naging bahagdan ng mga sumang-ayon at hindi sumang-ayon sa impak na nagkakaroon ng angkop na silid aralan ang mga mag-aaral sa pag-aaral.

3.2 Negatibong Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral ng VCI

Talahanayan 2

Negatibong Impak ng Pandemya sa mga mag-aaral ng VCI sa taong panuruan 2021-2022

| Negatibong Impak | Kabuonan | | | | Bahagdan (%) | | | |
|--|----------|----|----|----|--------------|-------|-------|------|
| | SA | MA | HA | HS | SA | MA | HA | HS |
| Tinatamad mag-aaral | 26 | 23 | 3 | 0 | 50 | 44.23 | 5.77 | 0 |
| Kawalan ng load allowance para sa pag-aaral | 26 | 23 | 2 | 1 | 50 | 44.23 | 3.85 | 1.92 |
| Nahihirapang makapag-adjust | 33 | 18 | 1 | 0 | 63.46 | 34.62 | 1.92 | 0 |
| Kulang sa oras para matutukan ang pag-aaral | 20 | 27 | 5 | 0 | 38.46 | 51.92 | 9.62 | 0 |
| kawalan ng pokus sa pag-aaral dahil marami ang sagabal. | 24 | 26 | 2 | 0 | 46.15 | 50 | 3.85 | 0 |
| Umaasa ng biyaya sa mga kaklase | 26 | 6 | 19 | 1 | 50 | 11.54 | 36.54 | 1.92 |
| Mas madami na ang binibigay na gawain | 34 | 16 | 0 | 1 | 65.38 | 30.77 | 0 | 1.92 |
| Kawalan ng brainstorming session kasama ang mga kaklase | 39 | 10 | 3 | 0 | 75 | 19.23 | 5.77 | 0 |
| Hindi sapat ang modyular para matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral | 28 | 21 | 3 | 0 | 53.85 | 40.38 | 5.77 | 0 |
| Walang kaayusan sa sistema na binibigay ng ibang propesor/ instructor. | 21 | 24 | 5 | 2 | 40.38 | 46.15 | 9.62 | 3.85 |

Pananda: SA-Sang-ayon; MA-Medyo Sumasang-ayon HA- Hindi Sang-ayon HS- Hindi Sigurado.

Ang talahanayan 2 ay nagpapakita ng mga naging tugon ng mga kalahok ukol sa negatibong impak ng pandemya sa mga mag-aaral. Natuklasan na halos lahat sa mga nasabing negatibong impak sa taas ay binigyan ng mga kalahok ng pag sang-ayon. Ang kawalan ng brainstorming session kasama ang mga kapwa mag-aaral ay nakakuha ng pinakamataas na bahagdag sinang-ayunan ng mga kalahok na may 75 na bahagdan. Ayon rin sa talahanayan 2, mas marami na ang binibigay na gawain sa mga mag-aaral at hindi sapat ang modyular para matugunan ang pangangailangan ng mga mag-aaral. Kasunod nito ang 63.46 na bahagdan ang sumang-ayon sa reyalidad na nahihirapang makapag-adjust ang mga mag-aaral sa new distant learning. Natuklasan din na ang karamihan sa mga mag-aaral ay tinatamad mag-aaral at umaasa na lamang sa biyaya ng mga kapwa mag-aaral. Napag-alaman na karamihan sa mga mag-aaral ay nakakaranas ng kawalan ng load allowance para sa pag-aaral.

Natuklasan din na isa sa mga negatibong impak ng pandemya ay ang kawalan ng pokus sa pag-aaral dahil marami ang mga balakid o sagabal. 51.92 na bahagdan naman ang medyo sumang-ayon na kulang ang oras upang matutukan at masagutan ang kani-kanilang mga modules. Samantala, 40.38 bahagdag sumang-ayon at 46.15 bahagdan na medyo sumang-ayon ang nakalap at nalikom sa hanay ng impak na walang kaayusan sa sistema na binibigay ng ibang propesor/ instructor.

3.3 *Kondisyong mental ng mga mag-aaral noong wala pang pandemya at ngayong mayroon na.*

Talahanayan 3

Kondisyong Mental

| Kondisyon | Kabuoan | | | Bahagdan | | | Ranggo | | |
|----------------------|---------|----|----|----------|-------|-------|--------|----|---|
| | N | NG | P | N | NG | P | N | NG | P |
| Stress | 1 | 37 | 14 | 1.92 | 71.15 | 26.92 | 3 | 1 | 2 |
| Masaya | 14 | 26 | 12 | 26.92 | 50 | 23.08 | 2 | 1 | 3 |
| Aktibo | 34 | 17 | 1 | 65.38 | 32.69 | 1.92 | 1 | 2 | 3 |
| Pagkabalisa | 9 | 37 | 6 | 17.31 | 71.15 | 11.54 | 2 | 1 | 3 |
| Kawalan ng pokus | 19 | 23 | 10 | 36.54 | 44.23 | 19.23 | 2 | 1 | 3 |
| Overthinking | 5 | 33 | 14 | 9.62 | 63.46 | 26.92 | 3 | 1 | 2 |
| Pagkataranta | 11 | 32 | 9 | 21.15 | 61.54 | 17.31 | 2 | 1 | 3 |
| Maayos at maaliwalas | 34 | 10 | 8 | 65.38 | 19.23 | 15.38 | 1 | 2 | 3 |
| Produktibo | 22 | 19 | 11 | 42.31 | 36.54 | 21.15 | 1 | 2 | 3 |
| Mabigat | 23 | 21 | 8 | 44.23 | 40.38 | 15.38 | 1 | 2 | 3 |

Pananda: N- Noon; NG-Ngayon; P-Parehas lang.

Natuklasan sa talahanayan 3 na ang mga kondisyong mental katulad ng stress, pagkabalisa, kawalan ng pokus, overthinking, at pagkataranta ay kadalasang nararanasan ngayon sa panahon ng pandemya. Subalit, makikita sa talahanayan 3 na sa kabila ng pagsubok na dulot ng pandemya ay nananatili pa rin silang masaya na naglalaman ng bahagdag 50 na nakahanay sa panahong ngayon. Nabatid din na ang pagiging aktibo, maayos, maaliwalas at produktibo ng mga kaisipan ng mga mag-aaral ay mas nararanasan at mas lamang noon kumpara ngayon. Ang talahanayan 3 ay nagpapatunay na mas nakakaranas ng hirap sa usaping mental sa panahon ngayon ang mga mag-aaral kumpara noon.

3.4 *Kahalagahan ng gabay ng mga guro at mga magulang sa mga mag-aaral sa gitna ng pandemya*

Talahanayan 4

Kahalagahan ng gabay ng mga magulang at mga guro sa mga mag-aaral sa gitna ng pandemya.

| Kahalagahan | Kabuoan | | Bahagdan (%) | |
|--|---------|----|--------------|-------|
| | T | M | T | M |
| Mahalaga ang gabay ng guro sa mga mag-aaral sa gitna ng pandemya sapagkat natutulungan nito ang mga mag-aaral na mapadali ang kanilang pagsasagot ng mga gawain sa modyul. | 47 | 5 | 90.38 | 9.62 |
| Ang gabay ng magulang ay mahalaga sapagkat mas nagkakaroon ng motibasyon ang mga mag-aaral na ipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral sa gitna ng kahirapang dala ng pandemya. | 51 | 1 | 98.08 | 1.92 |
| Kung wala ang guro, hindi matuto ang mga mag-aaral. | 31 | 21 | 59.62 | 40.38 |
| Mas nakakapagpokus o nagpatutuunan ng pansin ng mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tulong at gabay ng mga guro at magulang. | 48 | 4 | 92.31 | 7.69 |
| Kung wala ang gabay ng magulang, mababawasan ang kagustuhan o interes ng mga mag-aaral na makapagtapos. | 47 | 5 | 90.38 | 9.62 |
| Mahalaga ang payo ng mga magulang at guro sa mga mag-aaral sa gitna ng pandemya sa paglayo sa mga hindi mabuting gawain. | 39 | 13 | 75 | 25 |
| Natutulungan ng mga guro at magulang ang mga mag-aaral na masagot ang mga katanungang sumasagabal sa kanilang isipan sa gitna ng pandemya. | 49 | 7 | 94.23 | 13.46 |
| Responsibilidad ng mga magulang na bigyan ng sapat na kalayaan ang mga mag-aaral na gumawa ng mga gawain nang hindi naiistorbo. | 51 | 1 | 98.08 | 1.92 |
| Sa kabila ng pandemya, ang mga guro pa rin ang may kakayahang maghubog ng kakayahan at abilidad ng mga mag-aaral sa larangan ng edukasyon. | 50 | 2 | 96.15 | 3.85 |

Pananda: T-Tama; M-Mali.

Natuklasan na ang may pinakamataas na bahagdag binigyan ng tugon bilang tama ng mga kalahok ay ang gabay ng magulang ay mahalaga sapagkat mas nagkakaon ng motibasyon ang mga mag-aaral na ipagpatuloy nila ang kanilang pag-aaral sa gitna ng kahirapang dala ng pandemya at responsibilidad nila na bigyan ng sapat

na kalayaan ang mga mag-aaral na gumawa ng mga gawain nang hindi naiistorbo na may bahagdang 98.08 na sumang-ayon. Natuklasan rin na karamihan sa mga mag-aaral ay naniniwalang sa kabila ng pandemya, ang mga guro pa rin ang may kakayahang maghubog ng kakayahan at abilidad ng mga mag-aaral sa larangan ng edukasyon na may 96.15 na bahagdan. Samantala, nakakamit ng pinakamababang bahagdan ang kahalagang kung wala ang guro ay hindi matuto ang mga mag-aaral na may 59.62 na bahagdan lamang. Ang talahanayan 4 ay nagpapatunay na tunay ngang mahalaga ang gabay ng mga guro at magulang ayon na rin sa sariling pananaw at opinyon ng mga mag-aaral na kalahok sa pag-aaral na ito.

4. Kongklusyon

Batay sa mga natuklasan, nabuo ng mga mananaliksik ang mga sumusunod na kongklusyon:

- Buhat nang magsimula ang pandemyang dulot ng COVID-19, magkahalong positibo at negatibong impak ang naranasan ng mga mag-aaral ng VCI.
- Mas nangibabaw ang negatibong impak ng pandemya sa mga mag-aaral ng VCI batay sa datos sa survey na sinagutan ng mga piling kalahok.
- Mas naging kakaiba ang pagharap ng mga mag-aaral sa makabagong estratehiyang pang-edukasyon na nagdulot ng kawalan ng pokus, stress, pagkabalisa, pagkataranta at overthinking sa mga mag-aaral.
- Isang malaking parte para mas maging mainam ang pagkatuto ng mga mag-aaral sa kabila ng hinaharap na pandemya ang paggabay at pagtulong ng mga magulang at mga guro.

4.1 Rekomendasyon

- Mas pagtuunan ng pansin ang pagbibigay ng dekalidad na patnubay at pagtuturo upang mas maging maaliwalas para sa mga mag-aaral ang kani-kanilang kursong tinatahak.
- Mas mainam na magsagawa ng mas malalim pa na pagsisiyasat ukol sa epektibong sistema ng makabagong estratehiyang magbibigay ng sigurado at angkop na pagtuturo sa bawat kurso.
- Ang matatapat, masisipag at maaasahang mga guro ay higit na kinakailangan ng mga mag-aaral sa bawat kurso para makasiguradong may huhubog sa kanilang dunong sa kabila ng hamong dulot ng pandemya.
- Mahalagang magkaroon ng pakikipag-ugnayan sa maliliit na sangay ng bara-barangay na maliban sa distribusyon ng modyuls, maganda ring gumawa ng organisasyon o grupo na kokonsulta sa kalagayan ng mga mag-aaral ng VCI para mabigyan ng angkop na tulong.
- Ang pakikipag-ugnayan ng VCI sa bawat barangay na bigyan ng load allowance ang bawat mag-aaral na kanilang nasasakupan ay higit na makakatulong para mabigyan ng suportang mapapakinabangan ng bawat estudyante.
- Mas mainam na isagawa ang blended type of learning para magkaroon ng alternatibong pamamaraan para maresolbahan ang ilan sa mga negatibong impak na naranasan ng mga mag-aaral ng VCI.

5. Talasanggunian

Berge, G. A. (2021). Distance Learning Education. *Britannica*.

<https://www.britannica.com/topic/distance-learning>

Cabrera, R. (2021). DepEd: Enrollment breaches 26 million. *Philstar*.

<https://www.google.com/amp/s/www.philstar.com/headlines/2021/09/16/2127435/depedenrolment-breaches-26million/amp/>

Strzelecki, M. R. (2020). Student's Acceptance of COVID-19 Impact on Shifting Higher Education to Distance Learning in Poland. *International Journal of Environmental Research and Public Health*, 17(18), 6468. <https://doi.org/10.3390/ijerph17186468>